

INDEKS

PAG-AARAL AT PAGSUSURI SA MGA PANLIPUNANG ISYU AT KALAGAYAN

TOMO VII BLG. 1

NOBYEMBRE 2025

PALAK





Balangkas

Paunang Salita	4
I. Bakit mahalaga ang palay at bigas sa mga Pilipino?	5
II. Ano ang kalagayan ng industriya ng palay sa Pilipinas?	7
III. Ano ang kalagayan ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa palayan?	18
IV. Paano pinalalala ng neoliberal na mga patakaran ang malubhang kalagayan ng industriya ng palay at seguridad sa pagkain ng bansa?	27
V. Paano ibabangon ang industriya ng palay at matitiyak ang pagkain ng sambayanang Pilipino?	32
Sanggunian	35



Paunang Salita

Inilabas ng KARED-TK ang praymer hinggil sa industriya ng palay sa Pilipinas upang magbigay ng apdeyt hinggil sa napakahalagang kalakal na ito na sentrong usapin sa seguridad sa pagkain ng bansa at kabuhayan ng milyun-milyong magsasaka. Napapanahon ito ngayong hindi maawat ang pagtaas ng presyo ng bigas sa pamilihan—mula ₱42-45 noong Hulyo 2023, nasa ₱55-60 na ang karaniwang presyo ng isang kilong bigas. Samantala, ang nagtanim ng palay ay lusing-lugi dahil napakataas ng kanilang gastos sa produksyon at binibili ang kanilang palay sa napakamurang halaga.

Ang abang kalagayan ng industriya ng palay at mga suliraning lumalamon dito ay nakaugat sa pagiging malakolonyal at malapyudal ng lipunang Pilipino. Ilalahad sa praymer na ito kung bakit nanatiling wasto ang pagsusuring malapyudal ang katangian ng produksyon sa bansa.

Ipapakita sa praymer ang malubhang epekto ng neoliberal na globalisasyon na higit pang lumumpo sa dati ng naghihingalong pre-industriyal, atrasado at hiwa-hiwalay na produksyon ng palay sa isang malakolonyal at malapyudal na bayang Pilipino.

Ipapakita rin dito ang malalang kapabayaang reaksiyong estado sa sektor ng agrikultura at ang pagpapatupad nito ng mga anti-magsasaka at anti-mamamayang patakaran at programa na sa esensya ay anti-demokratiko at anti-nasyunal bunga ng paninikluhod sa patakarang neoliberal na globalisasyon ng imperyalismong US.

Binibigyang-pansin din sa praymer ang kalagayan ng industriya ng palay sa Timog Katagalugan (TK) na sumasaklaw sa CALABARZON at MIMAROPA. Sa ganito bibigyan ang pambansang kalagayan ng kongkretong mukha sa lokal na antas. Mauunawaan din ang mga partikular na problema sa produksyon ng palay sa mga probinsya ng rehiyon.

Ito ang una sa serye ng mga praymer tungkol sa mga nangungunang produktong agrikultural sa rehiyon at buong bansa. Magsisilbi itong gabay ng lahat ng rebolusyonyong pwersa't organisasyon, maging ng masa sa pagsusuri sa kalagayan ng kanilang kabuhayan, hanggang sa kinakaharap nating papalalang krisis sa pagkain sa bansa.

Mauunawaan ang kawastuhan ng pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon na pangunahing digmang magsasaka para lutasin ang suliranin sa kawalan at kakulangan sa lupa ng masang magsasaka at ang kaakibat na pyudal at malapyudal na pagsasamantala; na nangangahulugan ng pagwasak sa dominasyon at kontrol ng MBK, PML, burukrata-kapitalismo at ng imperyalismong US. Tanging sa tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan at kasunod na pagsusulong ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon makakamit ang seguridad sa pagkain; sustenable at umaasa-sa-sariling ekonomya at maaliwalas na kinabukasan para sa sambayanang Pilipino.

KARED-TK

Oktubre, 2025



I. Bakit mahalaga ang palay at bigas sa mga Pilipino?

Bigas ang itinuturing na mayor/*staple* na pagkain ng mga Pilipino. Ito ang pangunahing pagkain para sa 80% ng populasyon. Bukod dito, mayor ring pagkain ang gabi, kamote, balinghoy, mais at saging laluna sa kanayunan. Mayaman ang tradisyon sa pagluluto ng bigas at karaniwan itong nagiging espesyal na pagkain/kakanin kung mayroong mga okasyon saanmang lugar sa bansa. Patunay ito ng malalim na pagpapahalaga ng mga Pilipino sa bigas.

Dahil mahilig sa kanin ang mga Pilipino, isa ang Pilipinas sa pinakamalalaking konsyumer ng bigas sa buong mundo—pang-anim sa dami ng kinakain at pangalawa sa laki ng iniimport. Tinaya ng US Department of Agriculture na aabot ng 16.5 MT ng bigas ang kakainin sa Pilipinas sa yugtong 2023-2024. Ang *per capita* o kada indibidwal na konsumsyon ay ipinapalagay na nasa pagitan ng 133-170 kilos kada taon, o katumbas ng 364-465 gramo na kakainin ng isang tao sa isang araw. Gayunman, dapat ikunsidera ang agwat sa dami ng kinakain ng mga Pilipino depende sa kakayahang bumili ng bigas o kanin.

Napakahalaga ng bigas sa mga Pilipino dahil umiinog dito ang kabuhayan ng milyun-milyong Pilipino. May konserbatibong pagtayang 2.4 milyong magsasaka ng palay at 20 milyong populasyon (kasama ang pamilya ng magsasaka) at signipikanteng bilang na mga manggagawang bukid na umaasa sa industriya ng palay.

Para sa mga magsasaka at lahat ng nagtatrabaho sa industriya ng palay, hindi lamang panglaman ng tiyan ang palay at bigas—ito rin ang pinagmumulan ng kanilang kita at nagtatakda ng kasaganaan o kasalatan ng kanilang buhay. Kwento ni Issa, isang 9-taong gulang na bata mula sa Quezon, “Kapag marami ang bigas masaya ang aking mga magulang. Noong nakaraang taon mahina ang aming ani, muntik nang ibenta ni tatay ang aming lupa para makakuha ng pera. Malungkot kaming lahat noon dahil wala kaming pera, kaya ang tatay ko ay naghanap ng trabaho para magkaroon ng pambili ng bigas at upang mapag-aral kami.” Ang kanilang pamilya, tulad ng nakararaming magsasaka, ay kayod kalabaw sa pagsasaka subalit laging lugi dahil barat ang bili sa produkto nilang palay.

Sa ganito mauunawaan kung bakit hindi simpleng kalakal o pagkain ang palay at bigas. Binansagan itong “pampulitikang kalakal” at lahat ng nagdaang rehimen ng

reaksyunaryong gubyerno ay sinusukat ang epektibidad ayon sa kung paano nito tinugunan ang kasapatan sa suplay at pag-iistabilisa sa presyo ng bigas. Palagiang suliranin ang bigas sa Pilipinas kaya hindi nagkakaroon ng seguridad sa pagkain ang bayan. Ayon sa sarbey ng UN Food and Agriculture Organization, may 64% o 59 milyong Pilipino ang nakakaranas ng katamtaman hanggang sa malubhang kagutuman. Hindi nakapagtataakang sa listahan ng mga bansang may seguridad sa pagkain, nahuhuli ang Pilipinas na ika-73 sa pandaigdigan at pinakahuli pagdating sa Southeast Asia.



Sa kahambugan at ambisyong pabanguhin ang sarili, hinawakan ni Marcos Jr. ang Department of Agriculture (DA) hanggang Nobyembre 2023 at nangakong gagawing ₱20/kilo ang bigas. Pahiyang-pahiya siya nang sumambulat ang krisis sa bigas sa kanyang unang taon sa poder. Kahit nagpatupad na ang rehimen ng *price cap* sa bigas noong Setyembre 5, 2023, pumalo pa rin ang implasyon sa presyo nito ng 17.9% sa parehong buwan. Ito ang pinakamataas sa loob ng 14 taon. Nitong Setyembre 2024, nasa ₱50.78 ang pambansang abereyds na presyo kada kilo ng *well-milled* na bigas, ayon sa Philippine Statistics Authority.



II. Ano ang kalagayan ng industriya ng palay sa Pilipinas?

Susing bahagi ng sektor ng agrikultura ang palay. Sa 21 pangunahing pananim sa Pilipinas, ang palay ang nangunguna. Noong 2022, nakapagprodyus ang bansa ng 19.8 milyong metriko toneladang (MT) palay na nagkakahalaga ng ₱344 bilyon.


Palay ang itinatanim sa 35% ng kabuuang lupang sinasaka sa bansa. May 2.7 milyong ektaryang palayan sa buong bansa. Ang malalaking tipak nito ay matatagpuan sa Luzon, Western Visayas, Southern at Central Mindanao. Central Luzon ang may pinakamalaking palayan na katumbas ng 15.7%. Mahigpit itong sinusundan ng Western Visayas na may 13.5% at ang Cagayan Valley na 12.5%. Sinasaka ng 2.4 milyong magsasaka ang mga lupaing ito.

Partikular sa TK, may higit 415,000 ektaryang lupa para sa produksyon ng palay. Noong 2018, nakapagprodyus ng 1.65 MT palay ang CALABARZON (25.5%) AT MIMAROPA (74.5%).

Itinuturing na *rice bowl* ng rehiyon ang Mindoro na pinagmumulan ng pinakamalaking bulto ng palay. Sinusundan ito ng Palawan at Laguna. Ang palay ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mamamayang Mindoreño. Umaabot sa 366,952 metriko tonelada (MT) ang produksyon ng palay sa isla batay sa ulat ng Philippine Rice Research Institute (PhilRice) noong 2021. Partikular na umaasa dito ang 90% ng populasyon ng Occidental Mindoro na umaabot sa 472,818.

Malaki sana ang potensyal ng industriya ng palay sa Pilipinas dahil likas na mayaman at may sapat na lawak ang lupang agrikultural sa bansa. Hindi rin matatawaran ang sipag at tiyaga ng mga Pilipinong magsasaka na nagpupursige kahit pa salat sila sa kagamitan sa produksyon at maraming sumusulpot na suliranin gaya ng kalamidad at peste sa taniman. Nababalewala ang potensyal na ito dahil sa patuloy na pag-iral ng kawalan o kakulangan sa lupa ng mga magsasaka at sistematikong pagpapabaya ng reaksyunaryong estado sa industriya ng palay at bigas at sa sektor ng agrikultura sa pangkabuuan.

Sa mga nakaraang dekada, kumitid ang lupang tinatamnan ng palay sa Pilipinas bunsod ng malawakang pangangamkam at pagpapalit-gamit ng lupa. Patuloy ang pagbagal ng industriya at napag-iwanan na ito ng mga karatig bansa sa Asia gaya ng




Thailand, Vietnam at Indonesia. Sa loob ng 20 taon hanggang 2019, ang pag-usad ng industriya ay 32% lamang kumpara sa 73% ng Vietnam at 50% ng Indonesia. Ang produktibidad ng palay kada ektarya sa bansa ay higit na mas mababa kumpara sa Indonesia, Vietnam at maging sa China.

Maliitan, atrasado at pre-industriyal na pagsasaka

Bilang isang bayang malakolonyal at malapyudal, pangunahing katangian ng ekonomya ng Pilipinas ang pag-*eexport* ng mumurahing hilaw na materyales at pag-iimport ng mas mahal na mga yaring produktong pamproduksyon at pangkonsumo, kalakhan mula sa mga imperyalistang kapangyarihan tulad ng US. Kasama sa mga inaangkat ang mga kemikal na *input* at makina para sa pagsasaka dahil hanggang ngayon, walang sapat na kakayahan ang bansa na lumikha ng mga batayang pangangailangan sa produksyong pang-agrikultura.

Ang pundasyon ng atrasadong kalagayan ng pagsasaka ay ang matagal nang problema sa lupa sa bansa. Ayon sa isang pambansang samahan sa agrikultura, 7 sa 10 magsasaka ang wala o kulang sa lupa. Higit na malala ito sa TK kung saan 9 sa bawat 10 magsasaka ay walang lupa.



Kontrolado ng mga panginoong maylupa-malaking burgesya kumprador (PML-MBK) ang kalakhan ng lupa sa bansa. Sa kasalukuyan, hawak ng 11% ng mga maylupa ang 52% ng sakahan sa bansa. Ilan sa may pinakamalalawak na pag-aaring lupa ang mga Yulo (47,100 ektarya), si Ramon Ang (37,307 ektarya) at mga Villar (11,210 ektarya). Ang kolonyal na pananakop na matagal na sumaklot sa bansa ang ugat ng dominasyon ng malalawak na asyendang *export-oriented at monocrop* at paglawak ng lupang ipinapagamit sa agribisnes, plantang industriyal at mga subdibisyong pabahay.

Ang karaniwang sinasaka ng isang maliit na magsasaka ngayon ay 1.29 ektarya lamang. Malaki ang ibinagsak nito mula 4 ektarya noong dekada 1960. Sa Laguna, kung saan maraming palayan na ang napalitan ng gamit, mayroong nagsasaka ng palay sa kasing liit ng 3,000 sq.m o walang pang 1/3 ng isang ektarya. Sa desperasyong makapagsaka, mayroong nakikisaka kahit sa mas maliit pa sa isang ektaryang lupa.

Sa TK, 835 PML lamang ang kumokontrol sa 70 porsyento ng kabuuang lupaing agrikultural ng rehiyon. Sa Mindoro pa lamang, ang 70% ng lupang agrikultural ay kontrolado ng mga PML, MBK at dayuhang kumpanya. Ang natitirang 30% ay pinaghati-hatiian ng higit na mayoryang maliliit ng magsasaka sa isla.

PML	Lawak ng lupa (ektarya)	Probinsya
Green Circle Properties (Romeo Roxas)	83 015	Quezon at Batangas
Yulo King Ranch	40 000	Palawan
MWSS	20 000	Rizal
Pamilya Zobel	12 000	Batangas
Pamilya Reyes	10 000	Quezon
UP System (Land Grant)	9 084	Laguna
Henry Sy, Fil-Estate, Manila South Coast Dev't Corp	8 650	Batangas
Yulo-Ayala	7 449	Laguna at Batangas
Don Pedro Roxas III, Roxas & Co.	7 183	Batangas
James Murray	6 000	Quezon
Canlubang Sugar Estate (Pamilya Yulo)	7 100	Laguna
Pamilya Escudero	5 915	Laguna at Quezon
Zobel-Ayala	5 900	Cavite, Laguna at Mindoro

Quarry Rock Group, Inc	5 866	Rizal
Pamilya Chua	5 000	Quezon
Don Domingo Reyes	4 500	Quezon
Pamilya Alvarez (Jose Alvarez)	3 000	Palawan
Lopez, Araneta, Ayala	2 700	Rizal
Pamilya Reyes	2 257	
Pamilya Sanggalang	1 600	
Pamilya Uy (Juanito Uy)	2 415	Quezon
Puyat, RGV at Go	2 400	Batangas
Reyes, Eleazar	2 257	Laguna

Kaakibat ng monopolyong kontrol sa lupa ng mga PML-MBK at burukratang kapitalista, pinanatili ng pre-industriyal na katangian ng pagsasaka sa bansa. Hindi pinahintulutan ng US na mag-industriyalisa ang Pilipinas upang panatilihin itong taga-import ng hilaw na materyales at tambakan ng sobrang produkto ng mga imperyalista. Ang mga lokal na naghaharing pamilyang may kontrol sa malawak na lupain ay hindi interesadong paunlarin ang produksyon sa lupa. Mas nais nilang ikumbert ang mga agrikultural na lupain tungong ibang gamit na mas madaling pagkakitaan, tulad ng tayuan ng mga gusaling komersyal. Ang mga nakaririvasang saray ng magsasaka na nakakapag-ipon ng sobrang kita ay hindi rin aasahang manguna sa pag-iindustriyalisa. Mas namumuhunan sila sa pagbili ng dagdag na kagamitang pansaka na pauupahan sa mas mahihirap na magsasaka o di kaya'y magpautang sa mataas na interes (usura). Marami ring maylupa na ang bumibili ng dagdag na lupa upang dagdagan ang kanilang *asset*.

Kasabwat ng US, hindi seryosong isinulong ng reaksyunaryong gubyerno ang industriyalisasyon para paunlarin ang produksyon ng palay. Ang ipinagyayabang ng mga Marcos na mga programang modernisasyon na Green Revolution at Masagana 99 na ipinatupad sa panahon ng diktadura ay huwad at lalong naglumok sa agrikultura.

Sa kabila ng katotohanang ilang siglo nang nagtatanim ng palay ang mga Pilipino, nakalulungkot na nananatiling lubhang mababa ang antas ng produksyon ng mga palayan sa bansa. Pangunahing umaasa sa mano-manong paggawa ang mga magsasaka kung saan may nasasayang na aabot sa 16% ng produksyon. Marami sa maliliit na magsasaka ay walang kakayahang bumili ng mga makinaryang pansaka na napakamahal at iniimport pa mula sa bansang nagpoprodyus nito tulad ng Japan, China at South Korea. Ang mga makinarya sa produksyon ng palay na mayroon sa bansa ay pawang mga imported bukod sa kontrolado rin ng iilang PML at lokal na *rice traders*.

Ayon sa Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PhilMech), mayroong pambansang antas ng *farm mechanization*¹ na 2.679 *horsepower* kada ektarya (hp/ha) para sa palay at mais nitong Hunyo 2023. Bahagya itong tumaas mula sa 2.31 hp/ha noong 2013. Malayo ang agwat nito sa mga industriyalisadong bansa. Sa bansang Japan ay 7 hp/ha ang antas ng mekanisasyon habang ang South Korea ay 4 hp/ha.

Malinaw pang dinoktor ang datos ng reaksyunaryong gubyrno na nasa 2.679 hp/ha ang Pilipinas, na mas mataas pa kaysa sa Vietnam na may 2.2 na hp/ha sa mga palayan. Di hamak na malayong mas mataas ang produktibidad ng Vietnam sa Pilipinas. Katunayan, isa ang Vietnam sa nangunguna sa importasyon ng bigas sa buong mundo.

Hindi lamang makinarya ang inaangkat ng Pilipinas, galing din sa mga dayuhang bansa ang mga binhi at kemikal na *input* tulad ng pestisidyo at pataba na karaniwang gamit ng mga magsasaka. Aabot sa 95% ng pataba na gamit sa bansa ang iniimport. Walang kakayahan ang bansa na maramihang magprodyus ng mga ito dahil walang batayang industriyang kemikal dito. Ang mayroon lamang sa Pilipinas ay *reselling* o pagbebenta ng mga produktong pataba, herbisidyo at pestisidyo.

Maaari sanang mabawasan ang pag-asa sa dayuhang *input* kung pagyayamanin ang sariling kaalaman ng mga magsasakang Pilipino at mga bagong tuklas na teknolohiya ng mga siyentistang Pilipino subalit hindi ito binibigyang pansin ng gubyrno.

Ang organikong pagtatanim na alternatibo sana sa sobrang pag-asa sa kemikal na *input* ay hindi rin ganoong kalaganap dahil walang kumprehensibong programa at

¹ *Farm mechanization* - tumutukoy sa paggamit ng makinarya at kagamitan upang isagawa ang mga gawaing pang-agrikultura na dati ay ginagawa nang *mano-mano* o gamit ang lakas ng hayop. Ang prosesong ito ay nagpapataas ng produktibidad, nagpapababa ng intensidad ng paggawa at nagbibigay-daan sa mas epektibong operasyon sa pagsasaka.


Presyo ng mga makinaryang gamit sa produksyon ng palay at bigas*

4-in-1 combine harvester



₱750,000 - 1.5 milyon

Four wheel drive tractor



₱750,000 - 2.3 milyon

Water pump and engine set



₱5,000 - 15,000

Rice seed spreader



₱14,000 - 24,000

Rice thresher



₱17,000 - 30,000

Rice milling machine



₱227,800 - 333,360

*Datos mula sa website ng mga kilalang brand ng makinarya at mga online shopping platform. Ang mga makinaryang tinuran ay batay sa isang press release ng DA kaugnay sa mga ipinamigay nitong kagamitan bilang ayuda.

pondong pampubliko para rito. Mas tinatangkilik ito sa iilang komunidad na naaabot ng mga *non-government organizations* na nagtuturo ng organikong agrikultura.

Salat na salat din sa mga imprastruktura at pasilidad ang mga magsasaka ng palay. Halimbawa nito ang kakulangan sa irigasyon, kung saan 65.28% pa lamang ng 3.128 milyong ektaryang lupang target ang mayroon nang irigasyon. Hawak ng National Irrigation Administration ang 46.7% ng mga ito, habang nasa 36% ang tinaguriang komunal na sistema ng irigasyon.

Sa Mindoro, hindi na nga libre ay mahal pa ang bayad sa irigasyon. Noong 2020, nasa 136,562 ha o 76% ng lupang agrikultural sa Mindoro ang may irigasyon. Sa isang bayan sa Occidental Mindoro, ₱500/ha ang upa kung tag-ulan at ₱1,000/ha kung tag-araw ang singil sa patubig. Dagdag reklamo ng magsasaka, hindi pantay ang distribusyon ng tubig dahil pumapabor ito sa mga opisyal ng barangay at kanilang kaibigan.

Malaking kawalan sa magsasaka ang kakulangan sa irigasyon. Malinaw ang epekto nito sa nakitang kalamangan sa kita ng irrigated kaysa non-irrigated na palayan sa datos ng PSA noong 2021. Ayon dito, ang *net profit-cost ratio* ng *non-irrigated* ay 0.20 habang sa *irrigated* ay 0.34, 70% mas mataas sa una.

Isa pang palatandaan ng pre-industriyal na pagsasaka ang kakapusan ng bansa sa mga *post-harvest facilities* o pasilidad para sa mga prosesong pagdadaan ng palay para maging bigas. Kasama rito ang mga gilingan ng palay at imbakan ng butil. Mahalaga sana ang mga pasilidad na ito lalo't sa pag-aaral ng PhilMech, naglalaro sa 10-50% ang nawawala sa mga mayor na produktong agrikultural sa bansa mula *post-harvest* o pagkatapos anihin. Partikular sa palay, nasa 9-37% ang nawawala kalakhan dahil sa pinsala sa tanim at peste ayon sa isang pag-aaral mula sa UPLB.

Ang ‘di maipagkakailang kawalan at kakapusan ng bansa sa mga akmang kaalaman, teknolohiya, pasilidad at makinarya sa produksyon ng palay ay higit na nagiging matingkad sa panahon ng pagsalanta ng



Presyo ng mga mayor na grado ng patabang gamit sa pagsasaka ng palay (Pambansang abereyds, Marso 2024)

Urea (Granular) (46-0-0)	₱1,610.72
Complete (14-14-14)	₱1,597.85
Ammosul (21-0-0)	₱814.03
Ammophos (16-20-0)	₱1,507.16
Muriate of potash (6-0-0)	₱2,202.82

**Mula sa philrice.gov.ph. Sa CALABARZON at MIMAROPA, nag-aabereyds ang presyo ng urea ng ₱1,804 kada 50-kilong sako sa parehong panahon.*

kalamidad. Sa huling dalawang dekada, dumanas ang bansa ng madalas na labis na tagtuyot at ng mga malalakas na bagyo. Ang mga pagbaha ay isa sa pangunahing nagdulot ng malaking pinsala sa agrikultura. Ayon sa reaksyunaryong gubyerno, ang mga kalamidad ay nagdulot ng 63% na halaga ng pinsala o ₱290 bilyon na naitala mula 2010 hanggang 2019, at sa loob ng nakaraang dekada ay aabot sa ₱506.1 bilyon ang nawala sa bansa.

Tumitindi at dumadalas ang mga sakuna sa pag-igting ng mga epekto ng pagbabago ng klima o *climate change*. Isa ang Pilipinas sa mga tinukoy na pinakamataas ang risgo sa mga sakuna bunsod ng heograpikal nitong katangian at kalagayang sosyo-ekonomiko.

Hindi handa ang Pilipinas at ang industriya ng palay na harapin ang mga hamon ng *climate change*. Halimbawa, kung walang sistema ng irigasyon ay *rainfed* o nakaasa sa ulan ang mga sakahan—isang malaking risgo lalo ngayong panahon ng *climate change*. Sa ibang lugar sa bansa, tumatagal at nagiging mas mainit ang tagtuyot, kundisyong hindi paborable sa pagpapalago ng palay.

Trahedya rin sa mga pananim ang pagdating ng mga bagyo. Sa pagsalanta ng bagyong Karding noong Setyembre 2022, ang produksyon ng bigas ay nabawasan ng 11.98 milyong MT mula sa 12.41 milyong MT, ayon sa US Department of Agriculture. Ayon naman sa DA, ang naging pinsala ng bagyo ay di bababa sa ₱3.12 bilyon. Ang mga palayan ang pinaka-naapektuhan kung saan nawalan ito ng halagang ₱2.05 bilyon at ang bolyum ng nawala sa produksyon ay 134,205 MT, na sumaklaw sa 163,162 ektarya.

Mahirap, magastos ang produksyon, pero mababa ang produktibidad

Ang hindi episyenteng sistema ng produksyon ng palay ay nagreresulta sa dobleng hirap para sa magsasaka at mataas na gastusin.

Ayon sa konserbatibong datos ng PSA, ang kabuuang gastos sa produksyon ng palay sa isang ektarya noong 2021 ay ₱49,920. Kung tag-ulan, tataas ito tungong ₱52,524 at bababa naman sa ₱48,166 kung tag-init. Lubhang konserbatibo ng datos na ito at malayong-malayo sa aktwal. Sa mga datos na nakalap sa Laguna at Mindoro, umaabot ng ₱50,000-100,000 ang gastos sa produksyon ng palay.

Sa parehong taon, nasa 4.15 MT palay o katumbas ng 83 sako (sa 50 kg/sako) ang abereyds na ani kada ektarya sa Pilipinas ayon pa rin sa PSA. Mababa ito kung ihahambing sa Vietnam, kung saan may 6.06 metriko tonelada o 121.2 sako ng inaaning palay kada ektarya.

Mabigat ang kinakailangang kapital sa pagsasaka ng palay sa Pilipinas dahil sa mahal na presyo ng mga kemikal input at mataas na upa sa paggawa at kagamitan lalo ng makinarya. Ang hindi mapigilang pag-akyat ng presyo ng produktong petrolyo at mga kemikal sa nakaraang mga taon pagkatapos ng pandemya at gyera ng US-Ukraine vs. Russia ay lalong nagpataas sa gastusin sa pagsasaka. Sa Occidental Mindoro, umakyat ang presyo ng abono mula ₱1,500/sako (2018) tungong ₱2,800 (2022).

Sa datos ng PhilRice, ang mga magsasakang Pilipino ay kasalukuyang gumagastos ng ₱12.41 sa kada kilo ng palay habang ang mga magsasaka sa Vietnam ay ₱6.53 at sa Thailand ay ₱8.85. Mas mababa ang gastos ng mga magsasaka sa naturang mga bansa dahil may natatanggap silang subsidyo ng estado.

Sa isang kasong aralin sa Occidental Mindoro noong 2022, umabot sa ₱99,131.60 ang kabuuang gastos sa produksyon ng isang magsasaka sa 1.5 ektaryang palayan. Saklaw nito ang mga gastusin mula paghahanda ng lupa hanggang pag-aani at pati binayarang interes sa utang. Sa partikular na kaso, sarili ng magsasaka ang lupa.

Matapos umani ng 7.15 toneladang palay (130 sako kung may 55 kilo kada sako) at mabili ang ani sa presyong ₱14/kilo, mayroong *gross sales* o pinagbentahan na ₱100,100 ang magsasaka. Lalabas mula rito na ang kanyang netong kita (*gross sales* - kabuuang gastos) ay ang napakaliit na ₱968.40 para sa apat na buwang trabaho.

Halos lahat, kung hindi man lahat, ng gastusin sa produksyon ay solong pasan ng magsasaka dahil sa kawalan ng kumprehensibong programa at suporta ng reaksyunaryong estado para rito. Pasundot-sundot lamang ang inilalaang direktang

Kasong aralin ng 1.5 ektaryang palayan sa Occidental Mindoro (2022)



Gastos sa input

Input	Presyo	Aktwal na gamit	Suma
Urea para sa abono	₱2800/sako	8 sako	₱22,400
Abonong 14-14-14	₱2800/sako	4 sako	₱11,200
0060 pam-pabulaklak	₱1900/sako	1 sako	₱1900
Ammonium	₱1600/sako	3 sako	₱4,800
Insecticide	₱580/quart	2 quart	₱1,160
Herbicide	₱500/quart	2 quart	₱1,000
Foliar	₱380/bag	3 bag	₱1,140



Gastos sa krudo

Krudo	Presyo	Aktwal na gamit	Suma
Para sa handtractor	₱70.43/L	60 litro	₱4225.80
Para sa water pump	₱70.43/L	60 litro	₱4225.80



Upa sa makinarya

Makinarya	Upa	Aktwal na gastos
Harvester*	₱770/sako	(11 sako) ₱8,470
Rotor	₱3,500/ektarya	₱4,900

*sa kwentadang isang sako ay 55 kilo at binibili ang palay sa farmgate sa P14/kilo

suportang *cash* ng estado, at hindi pa lahat ay makakatanggap nito dahil sa palyadong burukrasya.

Dahil walang sariling ipon o puhunang sasapat sa napakalaking gastusin, karaniwan na sa mga magsasaka ng palay ang magpaupa sa ibang trabaho at mangutang bago magsimulang magtanim.

Sa kalagayang kanya-kanya ang produksyon at maliitan, hindi naaabot ang maksimum na kapasidad sa produksyon ng palay sa bansa at napupunan ang lokal na pangangailangan para sa bigas.

Ipinagpapalagay ang *rice self-sufficiency* ng Pilipinas sa 90%. Bahagyang bumaba ito tungong 81% mula 2020-2022 dulot ng kabuuang pagtamlay ng ekonomya ng daigdig matapos dumagan ang pandemyang COVID-19.



Murang presyo ng palay sa *farmgate*

Matapos ang pagpapagal ng magsasaka at paggastos niya nang malaki sa produksyon ng palay, malaking pasakit para sa kanila ang ibenta ang kanilang ani sa napakababang presyo sa *farmgate*. Ang abereyds na *farm-gate price* ng palay noong 2022 na ₱16.75/kilo ang pinakamababa sa loob ng siyam na taon. Ang karaniwan sa *farmgate price* ng palay ay ₱17 - ₱19/ kilo, subalit may mga lugar kung saan sumasadsad ito nang mas mababa pa.

Sa Occidental Mindoro, ang presyo ng palay sa kasalukuyan ay pumapalo lamang sa ₱12/kilo sa bayan ng Rizal at ₱19/kilo sa Calintaan. Habang sa Oriental Mindoro

ay karaniwang ₱17/kilo ang *farmgate price* ng palay sa NFA, habang ₱13-15 naman sa lokal na *trader*. Sa unang taon matapos ipatupad ang Rice Liberalization Law, bumagsak ang presyo ng palay sa pinakamababang ₱8-10/ kilo.

Matagal nang daing ng mga magsasaka ang mababang presyo ng palay sa *farmgate* lalo sa gitna ng krisis sa implasyon. Umaabot na ngayon nang halos



triple ng *farmgate price* ng palay ang presyo ng bigas na binibili ng magsasaka. Sa paghahambing, ang isang kilong bigas ay katumbas ng tatlong kilong palay.

Ang *farmgate price* ay itinakda ng mga *trader* at hindi ito sumasailalim sa regulasyon ng reaksyunaryong guberno. Dahil sa pusisyon at kontrol ng mga komersyante-usurerong PML sa pamilihan, nagagawang bilhin sa pinakabarat na presyo ang aning palay ng magsasaka at ibenta ang bigas sa napakataas na halaga sa merkado.

Hindi opisyal na itinakda sa anumang batas o *executive order* subalit naging kalakaran nang bantayan ang presyo sa farmgate na ipinatutupad ng National Food Authority (NFA). Tulad ng mga *trader*, hindi malinaw ang mga batayang ginagamit sa pagkwenta kaya't arbitraryong itinakda ng NFA ang presyo ng pagbili nito sa palay.

Sa panayam sa mga magsasakang Mindoreño, binibili ng NFA ang kanilang palay sa presyong ₱17/kilo noong 2022. Nito lamang Setyembre, itinaas ng NFA ang presyo ng tuyong palay sa ₱19-23 kada kilo habang ₱16-19 naman sa basang palay. Tugon ito ng ahensya sa panawagang itaas tungong ₱20-25 kada kilo ang presyo ng palay sa *farmgate*. Bahagyang mas mataas o mas mababa sa presyo ng NFA ang bili ng mga pribadong *traders* sa palay.

Bago pa man ipatupad ang Rice Tariffication Law (RTL) noong 2019, wala nang kapasidad ang NFA na impluwensyahan ang merkado ng bigas sa pamamagitan ng programa nitong pagbili ng palay at pagbebenta ng bigas sa murang halaga sa pamilihan. Ang isang bahagi ng biniling palay ng NFA ay ipinoproceso tungong bigas at ibinebenta sa pamilihan sa mas mababang halaga. Ito ang kilalang “NFA rice” na pinipilahan ng mga konsyumer lalo sa panahon ng pag-imbulo ng presyo ng bigas. Ang isa pang bahagi ay nagsisilbing *buffer stock* o reserbang suplay na magagamit sa panahon ng emerhensya, sakuna o kalamidad na isa sa mandato ng NFA. Gayunman, malaking kapunahan sa NFA na hindi nito nagagawang maksimisahin ang pondong laan para sa pagbili ng lokal ng palay. Noong 2022, iniulat ng Commission on Audit na 63% lamang ng target nitong 480,000 MT ang nabili ng NFA. Hindi nito naubos ang ₱7 bilyong badyet at sa halip ay ₱5.75 bilyon lamang ang naibili ng palay.

Noong 2015, tinatayang NFA *rice* nasa 7.2% ng bigas na kinokonsumo sa buong bansa. Nangangahulugan na aabot ng 92.8% ng ibinebentang bigas sa palengke ay kontrolado ng mga komersyante-usurero at mga *cartel*/MBK sa bigas dahilang upang maitakda nila ang presyo ng mga ito sa palengke.

Lalung lumala ang monopolyo sa pagpepresyo ng bigas ng mga *rice cartel* at kumprador-burgesya mula ng pagtibayin ang RTL. Binago nito ang oryentasyon sa

mandato ng NFA dahil sa RTL na nagpahintulot sa pagdadagdag ng bolyum ng inaangkat na bigas. Tinanggal ng batas ang iba pang otoridad ng NFA at nilimitahan ang ahensya sa pagbili ng palay para gawing *buffer stock*. Ilang taon mula nang isabatas ang RTL, ang murang NFA rice ay mabibili na lamang ngayon sa iilang mga tindahang Kadiwa. Nasa ₱25/kilo ang bigas sa Kadiwa.



Samantala, kinuwentang aabot sa 3.1 milyong MT ang bigas na iiimport ng Pilipinas para sa taong 2022 at 2023, ayon sa US Department of Agriculture. Nasa 18% ito ng kabuuang tayang konsumsyon ng bansa.

Sa ibayo pang paghina ng kapasidad ng NFA na bumili ng palay at pagbaha ng imported na bigas sa merkado, lalong tumindi ang pambabarat sa presyo ng palay ng magsasaka. Bumagsak ang presyo sa *farmgate* ng palay sa pagkakaroon ng mga *trader* at komersyante ng ibang pagkukunan ng pambentang bigas sa pamilihan.



III. Ano ang kalagayan ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa palayan?

Sa loob ng malapyudal na kaayusan, hindi ang mga magsasaka ang pangunahing nagmamay-ari at lalunang maging tagabenta ng kanilang produkto. Mga PML ang nagmamay-ari ng malaking parte ng kanilang produktong palay dahil sa ipinapataw na mataas na upa sa lupa at usura sa mga magsasakang kasama. Dagdag pa, kaiba sa mga magsasaka sa mga kapitalistang bansa na mga entreprenur o mga negosyante na nagsisimula sa pagkakamit ng karaniwang tantos ng ganansya bilang batayan nila para magbenta ng kanilang produkto, ang mga magsasakang Pilipino ay mga prodyuser na kailangan at obligadong ibenta ang kanilang produkto (at/o konsumuhin ang isang bahagi) upang makuha nila ang ibang mga batayang pangangailangang pangkonsumo para mabuhay kahit sa pinakadustang kalagayan—napakababang presyo ng palay.

Malinaw sa mga relasyong ito ang pyudal at malapyudal na sitwasyong kinapapalooban ng mga magsasaka. Obligado silang patuloy na magsaka kahit lugin-lugi. Noong 2018-2020, higit sa 50% ng palay ay ibinenta ng mga magsasaka, habang ang 19.4% ay kinonsumo.

Samantala, dumarami ang bahagi ng populasyon sa kanayunan na nagiging manggagawang-bukid dahil sa malaganap na kawalan at kakulangan ng lupa sa kanayunan. Nakatagpo man ng ikabubuhay ay nanatiling busabos ang kanilang kalagayan dahil pana-panahon lamang ang trabaho at mababa rin ang sahod dito.

Bumubulusok na kabuhayan

Mistulang gumagapang sa lusak ng kahirapan ang mga magsasaka at manggagawang bukid lalo ngayong napakataas ng presyo ng langis at mga pagkain. Nagpatong-patong ang problema sa lupa, mataas na upa sa lupa, mababang pasahod, usura, pagkabaon sa utang, pang-aabuso ng mga komersyante-PML at mga neoliberal na patakaran ng reaksyunaryong gubyrno upang likhain ang napakatinding kahirapan para sa mga pangunahing pwersa sa industriya ng palay at bigas.

Umaabot sa 75% ng mga magsasaka sa palayan ang nabibilang sa maralitanang magsasaka, mababang panggitna at manggagawang bukid. Bumubulusok naman sa katayuan ng pagiging maralitanang magsasaka ang malaking parte ng panggitnang magsasaka. Lalung lumiliit ang bilang ng mayamang magsasaka. Ibig sabihin, halos 8 sa 10 magsasaka ang kapos sa kita at pantustos sa kabuhayan.

Magsasaka. Ang monopolyo sa lupa ng iilang pamilya at ng mismong reaksyunaryong guberno ang ugat ng kahirapan ng magsasaka. Umiiral hanggang sa ngayon ang napakataas na upa sa lupa kung saan kinukuha ng may-ari, ang PML, ang mas malaking bahagi ng ani o katumbas nito sa pinagbentahan kahit na wala siyang partisipasyon sa pagsasaka. Dahil dito, nagiging napakasahol ng kalagayan ng mga magsasakang wala o kulang ang lupa. Bulnerable sila at naitutulak na pumasok sa pagpapaupa, sa gayo’y nagiging manggagawang bukid, upang magdagdag ng kakarampot na kita at mabuhay.



May iba’t ibang anyo ang pyudal na relasyon sa lupa sa rehiyon. Sa sistemang buwisan, may pirming bilang ng kaban ng palay kada ektarya na dapat isulit ang tenante/kasamá sa PML matapos iawas ang lahat ng gastos. Solo ng kasamá ang gastos sa produksyon sa kaayusang ito.

Sa partihan, kumukuha ang PML ng kanyang bahagi sa kabuuang ani kahit na wala itong inambag sa paggawa. Madalas itong tersyuhan o hati pabor sa PML. Maaaring makihati o hindi ang PML sa gastos sa pagsasaka at sa mas maraming kaso ay binabalik ito ng mga magsasaka.

Sa Mindoro, ang sistemang buwisan ay katumbas ng pirmeng 12 kaban na buwis sa PML. Katumbas ito ng 70% na upa sa lupa sa isang kasong aralin sa Occidental Mindoro. Matapos awasin ang upa at gastos, lumabas na kumita lamang ang magsasaka ng ₱31 bawat araw sa bawat ektaryang palayan na kanyang sinasaka.

Kahit sa mga lugar na mas mababa ang pirming buwis ay malaki pa rin ang parte ng may-ari ng lupa. May kasong aralin sa Laguna kung saan 10 kaban lamang ang upa ng tenanteng nagsasaka sa 0.8 ektarya. Nasa 4,620 kilos ang kabuuang ani niya at ₱17/kilo ang bili sa kanyang palay. Matapos awasin ang gastos sa produksyon, kikita ng malinis na ₱9,350 ang may-ari nang walang kahirap-hirap habang ₱27,090 ang linis na kita ng nagsaka para sa apat na buwang produksyon.

Ang magsasakang mayroong sariling lupa ay halos wala namang kitain at lubog sa utang dahil sa sobrang taas ng gastos sa produksyon habang napakababa naman ng bili

sa palay. Kahit sa konserbatibong datos ng reaksyunaryong gubyrerno ay napakaliit ng arawang kita ng mga magsasaka. Ayon dito, aabot lamang sa ₱198.21 ang arawang kita ng magsasaka kung ibebenta ang ani nito sa presyong ₱19/kg. Lubhang napakalayo ang alinman sa mga ito kung ikukumpara sa ₱1,400 kada araw na dapat kitain ng pamilyang may limang myembro ayon mismo sa National Economic Development Authority.

Ngunit mas masahol pa rito ang realidad. Sa isang kasong aralin sa Occidental Mindoro noong 2022, lumabas na ₱968.40 lamang ang linis na kita ng isang magsasaka na sarili ang sinasakang 1.5 ektaryang lupa. Apat na buwan ang inilaan niya mula paghahanda sa lupa hanggang pag-ani ng palay. Katumbas lamang ito ng ₱7.8 arawang kita ng magsasaka. Sadyang maliit ang kita dahil bukod sa sadyang limitado ang aanihin mula sa maliit na sukat ng lupa, napakababa pa ng presyo ng palay sa ₱14/kilo.

Sa mga palayan sa Laguna, mayroon nang sistema ng *contract-growing* o pangongontrata ng kumpanya sa agribisnes na SL Agritech. Sa kumpanya, eksklusibong ibebenta ang pinagkasunduang dami ng palay at doon din binibili ng magsasaka ang binhi na gagamitin. Nagbebenta rin ang kumpanya ng pataba subalit hindi lahat ng magsasaka ay doon bumibili dahil mas mataas ang presyo nito kaysa sa ibinebenta sa labas. Umaabot ng hanggang ₱400 ang patong ng SL Agritech sa pataba.

Ayon sa isang magsasaka na isang dekada nang kumukuha ng kontrata sa SL Agritech, kada anihan ang pirmahan ng kontrata at nakasaad ditong bawal nilang ibenta ang kanilang palay sa iba. Nakasulat din na hindi kukunin ng kumpanya ang maitim na palay at na dalawang linggo ang hihintayin bago makuha ang bayad sa palay. Sa aktwal, mayroong pagkakataon na inaabot ng tatlong buwan bago mabayaran ang magsasaka. Marami nang magsasaka ang tumigil sa pagbebenta sa SL Agritech dahil matagal itong magbayad.

Ang gamumong kita ng magsasaka ay nababawasan pa dahil sa pandaraya ng mga komersyante-trader na bumibili ng palay. May bawas ang bili sa palay depende sa *moisture content* na binabasa gamit ang sariling metro ng SL Agritech. Ang palay na may *moisture content* na 21% o mas mababa ay bibilhin sa ₱21/



kilo habang ₱18-19/kilo ang *moisture* na 24% o mas mataas. Hindi nakikita ng mga magsasaka ang metrong panukat ng *moisture* at iniimpormahan na lamang sila kung ano ang *moisture* ng dala nilang palay.

Sa kaso pa ng isang magsasakang nagbebenta sa SL Agritech, dinaya siya ng higit ₱1.34. Sa opisyal na resibo, nakasaad na ₱17.47/kilo ang presyo ng palay ngunit sa aktwal, binayaran lamang ito ng ₱16.13. Ang resibong ibinigay ng *technician* sa magsasaka ay *scratch paper* lang na pinagsulatan ng timbang ng ibinentang palay.

Taliwas din sa interes ng magsasaka ang paglilimita at tahasang pagbabawal sa bentahan na ipinapataw ng mga LGU. Ayon sa ilang magsasakang mula Occidental Mindoro, hinarang hanggang pagbawalan ng LGU ang pagdayo ng mga trader mula Oriental Mindoro sa kanilang probinsya noong 2022. Nadismaya ang mga magsasaka sa patakaran dahil mas mahal ang bili ng mga taga-Oriental sa palay, nasa ₱19-21 kumpara sa ₱14-17 na kalakaran sa Occidental. Lalong pasakit ito noong 2025, kung saan bumagsak sa ₱13-15 ang presyo ng palay at sa Bongabong, Oriental Mindoro ay sumadsad pa ng ₱8.

Dahil sa baba ng kita, ang mga magsasaka ng palay ay humahanap ng iba pang pagkukunan ng hanapbuhay upang matugunan ang pangangailangan ng kanyang pamilya.

PINAGMUMULAN NG KITA NG MGA PAMILYA NG MAGPAPALAY SA REHIYON (2022)

	Pagpapalay	Pagsasaka ng ibang pananim	Hindi sa Agrikultura	Remitans
CALABARZON				
Cavite	46%	15%	32%	7%
Laguna	51%	11%	30%	8%
Batangas	26%	7%	60%	7%
Rizal	43%	7%	44%	9%
Quezon	45%	29%	14%	12%
MIMAROPA				
Oriental Mindoro	57%	4%	31%	8%
Occidental Mindoro	60%	16%	21%	3%
Marinduque	23%	9%	60%	8%
Romblon	39%	8%	46%	7%
Palawan	/	/	/	/

Manggagawang bukid. Nakapako naman sa mababang halaga ang sahod ng mga manggagawang bukid. Mas mababa pa sa barat na sahod na itinakda ng mga *wage board* ang natatanggap ng mga manggagawang bukid. Ang kanilang karaniwang pambansang sahod ay ₱331.10, sa CALABARZON ay ₱399.08 at ₱394.27 naman sa MIMAROPA, ayon sa datos ng PSA. Subalit sa aktwal, ang arawang sahod ng mga manggagawang bukid sa palayan ay nag-aabereyds lamang ng ₱215 sa sistemang kabesilya at ₱200-250 kung may pakain at ₱300 kung walang pakain sa iba pang mga trabaho sa palayan.



Upa sa manggagawang bukid sa Occidental Mindoro (2022)

Trabaho	Upa
Paghahampil	₱200-250 (pakain) ₱300/araw (walang pakain)
Tabas pilapil	₱200-250/araw (pakain) ₱300 (walang pakain)
Pag-oopereyt ng handtractor	₱400/araw
Pag-oopereyt ng harvester	₱5/sako
- Bagger*	₱1,500/ha o ₱10/sako
- Driver	sako
Pagbibilad ng palay*	₱10-15/kaban

* *Trabahong pang-grupo. Hahatiin ang kabuuang upa sa dami ng mga nagtrabaho.*

Sa Occidental Mindoro, umiiral ang sistemang pakyawan sa pagtatalok. Para sa kalahating araw na trabaho sa isang ektarya, may kontratang ₱4,500 para sa hindi *hybrid* na binhi at ₱5,000 naman para sa *hybrid*. Kadalasang 20 tao ang kinukuha para rito kasama ang kabesilya. May dagdag na ₱200 ang kabesilya na aawasin sa bayad para sa grupo.

Hindi nalalayo rito ang kalagayan ng upa sa manggagawang bukid sa mga palayan sa Oriental Mindoro.

Bukod sa mababang sahod, dagdag pasakit sa mga manggagawang bukid ang kawalan ng seguridad sa trabaho. Pana-panahon na nga ang trabaho ay mataaas pa ang bulnerabilidad na mawala ito. Isang halimbawa, ilampung-libo ang nawalan ng arawang trabaho sa mga palayan sa Mindoro buhat nang dumami ang mga makinang *harvester*. Wala ring dagdag na kumpensasyon ang mga nagpapaupa kahit na lantad sa mga risgong pangkalusugan tulad ng matinding init at paglanghap o paghawak sa mga kemikal na *input*.

Baon sa utang

Dahil sobrang taas ng presyo ng mga bilingin at gastusin sa produksyon, kinakailangang mangutang ng magsasaka para mapakain ang kanyang pamilya at makapagsaka. Umuutang ang mga kasamá sa mga komersyanteng usurero at mga usurero sa *microfinancing* tulad ng CARD Bank, ASA Card, RC, ECLOP at Light. Umaabot sa 5% ang buwanang interes ng utang sa mga komersyante-usurero o

katumbas ng 20% na interes sa isang taniman. Umaabot naman nang hanggang 15% ang interes ng mga usurerong bangko sa *microfinance*.

Karaniwan na sa mga magsasaka sa Occidental Mindoro ang umutang sa dalawa hanggang apat na *rural bank* o *microfinance* na tinatawag nilang *card*. Kakaunti lamang ang nakakautang sa Landbank kahit na mas mababa ang interes nito (2%) dahil mas istrikto ito sa pagpapautang. Kailangang mayroong iko-*collateral* na tituladong lupa bago aprubahan ang utang. Madalas na mga panggitnang magsasaka at PML ang umuutang sa Landbank.

Sa karanasan ng ilang magsasaka sa Laguna, nasa 3% kada buwan ang interes sa *microfinance* na dapat bayaran sa loob ng apat ng buwan. Halimbawa, ang isang nangutang ng ₱30,000 ay kailangang magbayad ng 3% interes o ₱900 sa loob ng apat na buwan, sa kabuuan ay ₱3,600. Kung kukwentahin sa buo, lalabas na nasa 12% ang interes na binayaran ng nangutang.

Hindi man kasinghigpit ng mga bangko sa pag-aapruba ng utang ay malupit din magpataw ng parusa ang mga *microfinance*. Kwento ng isang magsasaka, ang isang araw na antala sa pagbabayad ay may katapat na ₱1,000 na *penalty*.

Mayroon ding umuutang sa parehong bangko at *microfinance*. Isang magsasaka sa Occidental Mindoro ang nagsabing para may ipanggastos sa pagsasaka ay kinakailangan niyang umutang ng ₱80,000 sa bangko at ₱10,000 sa *microfinance*. Mayroong 4% na interes sa bangko habang 15% sa *microfinance*. Kaya't sa utang na ₱90,000, dadagdag ang interes na ₱3,200 para sa bangko at ₱1,500 sa *microfinance*, o kabuuang ₱4,700.

Kung hindi uutang sa *microfinance* o bangko, lumalapit ang magsasaka sa mga lokal na PML-trader na madalas ay siya ring pinagbebentahan nila ng palay. Sa ilang mga lugar sa Mindoro, kung kaninong PML-trader nangutang ay doon din magsusulong ng palay. Dito napapako ang magsasaka sa kung anumang presyong ipapataw ng PML-trader sa kanyang palay.

Nakulong na ang magsasaka sa siklo ng pangungutang para lamang mabuhay at tuluy-tuloy na makapagtanim ng palay. Lalo silang nagiging vulnerable sa utang sa panahong mayroong pagkakasakit sa pamilya, malaking gastusin para sa edukasyon o mga sakuna dahil sa kalamidad. Ang kawalan ng suportang sosyal para sa mga magsasaka ang nagtutulak sa kanila sa desperasyon.

Inabandona ng estado

Solong pinapasan ng mga magsasaka ang matinding krisis at kawalan dahil inabandona sila ng estado. Kahit na tinataya ng reaksyunaryong gubyerno na doble

ang kahirapang dinaranas ng mga nasa kanayunan kumpara sa nasa lungsod, napakaliit pa rin ng inilalaan nitong pondo para sa agrikultura at ayuda sa magsasaka na kagyat sanang makakapagbigay-alwan sa kanilang buhay. Wala rin itong kumprehensibong programa upang tugunan ang pangangailangan at hinaing ng mga magsasaka sa panahon ng emerhensya.



Sa nakaraang 40 taon, nasa 5.2% lamang ng pambansang pondo ang abereyds na alokasyon ng reaksyunaryong gubyrno para sa Department of Agriculture (DA), Department of Agrarian Reform at mga ahensya sa ilalim ng dalawang kagawaran. Bahagyang tumaas sa bilang ang alokasyon sa pambansang badyet sa 2024, mula sa ₱184.1 bilyon (2023) tungong ₱197.8 bilyon, subalit kung ikukumpara sa tantos, mas mababa ito sa abereyds at papatak lamang na 3.4% ng kabuuang badyet. Ang maliit na pondong ito ay hahati-hatiin pa sa nagkakailang ahensya at itutustos sa sweldo ng mga empleyado at opisyal ng mga kagawaran. Kasama rito ang ₱30.3 bilyong laan sa National Rice Program na mapupunta sa pag-iimport ng bigas imbes na maging suporta sa lokal na pagsasaka.

Mayroong mga programa sa ayuda ang DA tulad ng pamimigay ng abono at binhi subalit hindi ito sapat para sa lahat. May kwestyon din sa distribusyon ng mga tulong ng gubyrno dahil mayroong hindi nakatatanggap o nakatatanggap ng mas kaunti kaysa iba. Madalas na pahirapan ang proseso ng pagkuha ng ayuda at barado ang daloy ng tulong mula antas pambansa tungong lokal.

Noong 2021, ipinasa ang batas na Cash Assistance to Filipino Farmers Act na target bigyang ayuda ang dalawang milyong “*smallholder*” o magsasaka ng palay na nagsasaka ng dalawang ektaryang lupa o mas maliit pa. Popondohan ito gamit ang mga taripa mula sa importasyon ng bigas na tinatayang nagkakahalaga ng ₱12.7 bilyon. Para makatanggap ng nasabing ayuda, kailangang may hawak na Intervention Monitoring Card (IMC) at rehistrado sa database ng DA para sa mga mga batayang sektor, ang Registry System for Basic Sectors in Agriculture.

Sa isang baryo sa Palawan, may 17 magsasakang may hawak ng IMC na nakatanggap ng ₱5,000 ayuda mula sa programang ito nitong Disyembre 2023.

Kabilang ito sa inianunsyo ng DA na 2 milyong Pilipinong magsasakang nakatanggap umano ng ayuda mula sa ₱12.7 bilyong koleksyon sa taripa ng mga bigas na inimport noong 2022.

Ramdam din ang kawalang kalinga ng estado sa mga magsasaka sa kasalatan at kabulukan ng serbisyong sosyal sa kanayunan. Palasak na ang kwento ng kakapusan sa mga klasrum, sira-sirang istruktura at kakulangan ng guro sa mga interyor na komunidad sa kanayunan. Noong panahon ng *lockdown* at ipinataw ang *blended learning*, pinasan ng mga estudyante at magulang ang gastos sa mga materyales. Sa Timog Palawan, kanya-kanyang bayad sa pagsi-xerox o pagpaparami ng kopya ng mga modyul ang mga estudyante.

Napakalaking gastusin naman para sa mga pamilyang magsasaka kapag mayroong malalang pagkakasakit sa kanila. Dahil napakababa ng antas ng kakakayanan ng mga pampublikong ospital sa mga atrasadong bayan, obligadong dalhin sa mga lungsod ang pasyente. Ganito ang kalagayan sa isla ng Mindoro, kung saan nangungutang ang mga magsasaka para madala at maipagamot ang kanilang maysakit na kapamilya sa Calapan.

Mabigat ding problema para sa mga magsasaka ang pagdating ng mga kalamidad, mapa-bagyo o tagtuyot. Noong humagupit ang Bagyong Paeng noong 2022, nagkakahalaga ng ₱2.05 bilyon ang nawala sa produksyon ng palay. Kasama sa appektado ang mga magsasaka sa isang probinsya sa MIMAROPA, ngunit kwento nila, gasino ang tulong na ibinigay ng reaksyunaryong gubyrerno. Kalakhan ay nasa anyo ng mga *hybrid* na binhi na hindi rin magamit dahil sa nangangailangan ng sobrang daming kemikal upang lumago. Wala ring *cash assistance*, sa halip, pautang ang inilako ng DA sa kanila.

Banta sa pananatili sa sariling lupang sakahan

Ang napakahirap na kalagayan at magastos na produksyon at bagsak-presyo ng palay sa *farmgate* ay nagtutulak sa mga magsasaka sa bingit ng desperasyon hanggang abutin ang pag-iwan sa kanilang sakahan o pagbebenta ng kanilang lupa.

Higit ding bulnerable ang mga magsasaka ng palay sa pakana ng mga naghaharing uri at dayuhang kapitalista na agawin ang kanilang lupang sinasaka sa pakikipagkutsabahan sa reaksyunaryong gubyrerno. Ginagamit ng mga mangangamkam ang mga batas sa pagpapalit-gamit ng lupa at mga butas ng CARP upang magkaroon ng ligal na tabing ang pang-aagaw sa lupain ng mga magsasaka.

Sa TK, may 400,192 ektaryang lupang saklaw ng mga kasong agraryo. Kalaban ng

mga daan-daang libong mamamayang naninirahan at nagbubungkal sa mga lupaing ito ang 69 PML at 51 na korporasyong *real estate* at *developer*. Mayroon ding 909,583 ektaryang nanganganib sakupin ng malakihan at mapangwasak na pagmimina sa rehiyon.

Isang tampok na kaso ng kahungkagan ng CARP ang 2,930 ektaryang lupang saklaw ng Hacienda Roxas na pilit inaangkin ng pamilya Roxas sa pamamagitan ng Roxas & Company Inc (RCI). Noong Oktubre 1993, nagbigay ang DAR ng mga *certificate of land ownership* (CLOA) sa mga nagbubungkal ng lupa sa balangkas ng CARP. Inapela ito ng RCI hanggang sa pinakamataas na korte ngunit noong 2011, kinatigan ng Korte Suprema ang pagkilala sa hawak na CLOA ng mga magsasaka. Ngayon, sa kabila ng mga naunang pasya ng reaksyunaryong gubyrno, biglang naglabas ang DAR ng isang *consolidated order* na ‘nagbabalik’ ng halos 290 ektarya sa RCI at nag-uutos na hatiin ang natitirang lupa sa pagitan ng RCI at magsasaka, o katumbas ng 1,322 ektarya para sa bawat panig. Nangangahulugan ito ng kanselasyon ng CLOA na hawak ng mga magsasaka.

Pati ang mismong reaksyunaryong gubyrno ay nangangamkam ng lupa ng mga magsasaka para sa mga proyekto nitong kalsada, tulay at iba pang imprastraktura. Sa ulat ng Philippine Statistics Authority, nasa 600,000 ektaryang lupang may irigasyon ang sumailalim sa kumbersyon mula 2012 hanggang 2022. Tampok ang Laguna bilang isa sa mga dumaan sa malawakang kumbersyon ng lupa. Tinatayang 66% ng lupang agrikultural sa probinsya ang naikumbert na sa saklaw ng panahong nabanggit.



IV. Paano pinalalala ng neoliberal na mga patakaran ang malubhang kalagayan ng industriya ng palay at seguridad sa pagkain ng bansa?

Dahil walang tunay na reporma sa lupa at programa para sa pambansang industriyalisasyon sa bansa, hindi makatindig sa sariling paa ang lokal na industriya ng palay/bigas. Paulit-ulit at hindi naaampat ang krisis sa suplay ng bigas at pagsirit ng presyo nito habang nakapako sa mababa, sa katunaya’y ikalulugi nang presyo ang palay ng magsasaka. Palagian din ang banta sa seguridad sa pagkain ng buong bayan. Katunayan, noong 2023, naging numero unong *importer* ng bigas ang Pilipinas sa buong mundo batay sa dami ng inaangkat. Naungusan nito ang China na dating nangungunang *importer* at higit 10 beses na mas malaki ang populasyon.

Ang mga kundisyong ugat ng pagiging atrasado ng industriya ng palay/bigas sa Pilipinas ay pinananatili at pinasisidhi ng mga neoliberal na patakaran sa lupa at agrikultura at mga internasyunal na kasunduan sa kalakalan na pinasok ng Pilipinas sa dikta ng imperyalismo. Pilit pinapakete ng estado ang mga pahirap na kautusang ito bilang solusyon sa mga suliranin ng sektor ng agrikultura subalit hindi maikukubli ang matinding negatibong epekto ng mga ito sa kabuhayan at karapatan ng magsasaka. Unti-unting pinatay ng mga ito ang lokal na industriya ng palay sa pamamagitan ng ipinataw sa liberalisasyon at deregulasyon sa pag-iimport ng bigas at kawalang aksyon sa pagkokontrol sa presyo ng mga input at makinarya sa pagsasaka.

Ang sumusunod ang mga mayor na patakaran at kasunduan sa industriya ng palay/bigas sa bansa at ang epekto nito sa mamamayan lalo sa magsasaka:



Rice Tariffication/Liberalization Law (RA 11203)

Isinabatas noong Pebrero 14, 2019 ng rehimeng US-Duterte, binigyang daan nito ang higit pang liberalisasyon ng industriya ng bigas. Binago nito ang umiiral na sistema sa importasyon ng bigas na *quantitative restriction* (QR) tungong sistemang taripa o buwis, at hinayaan ang mga pribadong *trader* na malayang mag-angkat ng bigas.

Ipinatupad ng RTL/RLL ang kundisyong pabor sa pribadong pag-iimport ng bigas. Binago nito ang *minimum access volume* o dami ng bigas na pahihintulutang iimport sa mababang taripa. Ibinaba nito ang MAV mula sa dating 805,200 MT tungong 350,000 MT sa taripang 35% lamang kung galing sa loob ng Association of South East Asian

Nations (ASEAN). Aabot naman sa 40% ang taripa kung pasok sa 350,000 MT at nagmula sa labas ng ASEAN.

Sa kabilang banda, tinanggal ng batas ang kapangyarihan ng NFA na salain kung sino ang maaaring mag-import sa pamamagitan ng pag-aapruba ng mga lisensya at iba pang tungkulin sa regulasyon ng pag-aangkat ng butil. Samakatuwid, pinalala nito ang deregulasyon sa importasyon ng bigas. Lalung nawala ang palamuting may kapasidad ang NFA na magbagsak sa pamilihan ng mas murang bigas (NFA rice).



Dahil sa pagbaha ng mas murang imported na bigas, bumaba ang *demand* para sa lokal na palay at bumagsak ang presyo ng palay sa *farmgate*. Sa pambansang abereyds, ang presyong ₱20/kilo bago ang RTL/RLL (2018) ay naging ₱17/kilo (2022). Nabawasan din ng 40.3% ang kita ng mga magsasaka ayon sa pag-aaral na isinagawa tatlong taon matapos ipataw ang RTL/RLL.

Para higit pang palalain ang sitwasyon, iniutos ni Marcos II nitong Hunyo 2024 ang EO 62 na nagpapaliit sa taripa ng *imported* na bigas mula 35 tungong 15%. Higit nitong pararamihin ang dami ng *imported* na bigas sa lokal na merkado at bibigyang-daan ang pagbabagsak ng presyo ng palay sa *farmgate*.



GATT-WTO Agreement on Agriculture

Isa ang Pilipinas sa mga lumagda sa internasyunal na kasunduan ng WTO hinggil sa agrikultura na tinawag na Agreement on Agriculture (AoA). Ang kasunduang ito ang primaryang tulak sa pagsasabatas ng RLL at pagliliberalisa sa importasyon ng mga produktong agrikultural gaya ng karne, gulay at isda sa kapinsalaan ng mga Pilipinong prodyuser ng pagkain. Nagsimulang magkabisa ang AoA kasabay ng pagtatayo sa World Trade Organization noong 1995.

Sing-aga ng 1986 ay sinimulan nang buuin ang AoA sa talakayan sa Uruguay ng General Agreement on Tariffs and Trade. Ang AoA ay pantapal na solusyon sa resesyon ng pandaigdigang ekonomya noong 1980s at tugon sa krisis ng sarplap na produktong agrikultural mula sa mga industriyalisadong bansa. Sa pagbaha ng mga produktong agrikultural, bumaba ang presyo ng pagkain at napipilan ang kita ng mga kapitalista. Upang lutasin ang krisis, bumaling ang mga guberno at monopolyo kapitalista sa

pagbubukas ng mga bagong merkado. Tinarget na saklawin ng mga kasunduan sa malayang kalakalan ang mga tinatawag na “*developing countries*” o yaong di-industriyalisadong bansa kung saan agrikultura ang mayor na industriya. Nagsimulang magkabisa ang AoA kasabay ng pagtatayo sa World Trade Organization noong 1995.



May tatlong mayor na laman ang AoA na pawang hinggil sa lokal na suporta sa agrikultura, akses sa merkado at subsidyo sa *export*. Mariing tinuligsa ang ikalawa o pagpapalapad sa merkadong bagsakan ng mga produktong agrikultural ng mga kasaping bansa sa pamamagitan ng pagbabawas ng taripa. Ayon sa mga kritiko, dagok sa kabuhayan ng malilit na magsasaka sa mga *developing countries* ang pagkawala ng proteksyong taripa. Hindi nila kakayanin ang kumpetisyon sa mga prodyuser ng produktong agrikultura galing ibang bansa lalo na’t lamang sa subsidyong pang-agrikultura ang mga magsasaka sa mayayamang bansa o developed countries.

Matagal na ipinagpaliban ng GRP ang pagpapasaklaw ng bigas sa AoA dahil sa malakas na pagtutol dito sa loob ng bansa dulot ng pangambang lalo nitong ilugmok ang lokal na industriya ng bigas. Nawalan ng bisa ang katiting na proteksyong ito pagdating ng rehimeng Duterte.



National Land Use Act

Sa ilalim ng panukalang ito, rerepasuhin ang paggamit ng lupa para diumano sa kumprehensibong pagpapaunlad nito. Kokonsolidahin nito ang klasipikasyon ng mga lupa sa sumusunod: protektadong lupa, mga lupa para sa produksyon, para sa pabahay at para sa imprastruktura. Saklaw nito ang lahat ng kalupaan, katubigan at likas na rekurso ng bansa.

Nakabalangkas ang panukala sa neoliberal na iskema sa lupa na itinutulak ng mga imperyalistang institusyon tulad ng World Bank. Layunin nitong palawakin ang lupang maaaring ibenta o *land market* ng Pilipinas at ibukas ito sa ispekulasyon ng internasyunal na pamilihan. Bibigyan nito ng panibagong bwelo ang malawakang pang-

aagaw ng lupa kung saan milyun-milyong magsasaka, manggagawang-bukid, katutubo, mangingisda at iba pang maliliit na prodyuser ang mapapatalsik sa lupa o mawawalan ng kabuhayan.

Hindi bago ang pakanang reklasipikasyon ng lupa sa tabing ng konsolidasyon ng mga patakaran sa paggamit o pamamahala ng lupa. Mula 1994, ilang beses nang tinangkang ilusot ang panukalang ito sa Kongreso. Suportado ito ng malalaking organisasyon ng burgesya, tulad ng Chamber of Real Estate and Builders' Associations, malalaking PML at burukrata.

Hindi pa man naisasabatas ang panukala, hinawan na ni Marcos ang daan para sa mabilis na pagkopo ng lokal na burgesya sa lupang papasok sa pamilihan. Noong Hulyo 3, pinirmahan niya ang Executive Order No. 34 na nagbubukas sa lahat ng “tiwangwang” na pampublikong lupain sa konstruksyon ng mga subdibisyon at sentrong komersyal.

Sa pinakahuling bersyon ng panukala sa Kongreso, gumamit ang mga nagtutulak nito ng palamuting mga salita tulad ng “*ridge-to-reef*” o “*watershed ecosystem management*” na kunwa’y nagtatanggol sa kalikasan at lumalaban sa *climate change*. Ito ay para ilusot ang pagpapagamit ng mga sakahan, karagatan at kagubatan sa dayuhang mga kumpanya para sa konstruksyon ng malalaking plantang pang-enerhiya sa tabing ng *renewable energy*.

Palalawakin ng NLUA ang saklaw ng mga iskemang nagpapadulas sa paglilipat ng pagmamay-ari ng lupa. Kabilang sa mga iskemang ito ang paglilinis sa mga indibidwal na titulo sa pamamagitan ng pagpapatawad ng utang ng mga magsasaka at ang pag-iindibidwalisa ng mga kolektibong titulo sa ilalim ng programang SPLIT ng World Bank. Pareho nitong tinatanggal ang balakid sa pagbebenta ng lupang ipinamahagi na para sa mas madaling pang-aagaw ng malalaking lokal at dayuhang negosyante at kanilang mga kasosyong burukrata.

Kabaligtaran ang panukalang NLUA sa repormang agraryo. Nasa kaibuturan nito ang pagpapadali sa kumbersyon ng malalawak na lupang agrikultural para sa samutsaring industriyal at komersyal na gamit. Katunayan, wala itong hiwalay na kategorya para sa agrikultura na magtitiyak ng seguridad sa pagkain ng bansa. Ang tanging kinikilala ng NLUA na “lupang agrikultural” ay yaong kategorya sa ilalim ng huwad na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Sa datos ng estado, mayroong mahigit-kumulang 12 milyong ektaryang lupang itinuturing na agrikultural. Higit pitong milyon lamang nito ang nakapailalim sa CARP. Maraming bahagi nito ang napailalim na sa pagpapalit-gamit.



Support to Parcelization of Lands for Individual Titling Project

Isang proyekto ng Department of Agrarian Reform na sinimulan noong Oktubre 2020. Sa ilalim nito, hahati-hatiin ang dating ipinamahaging collective CLOA tungong indibidwal na mga titulo sa loob ng 3-taong *deadline*. Popondohan ito ng World Bank na sasaklaw sa 1.38 milyon ektaryang *collective land titles* (CCLOA) tungong indibidwal na mga titulo. Layunin umano ng programang ito na hatiin sa indibidwal ang pagmamayari ng CLOA para sa mas episyente at malaking pagsingil ng buwis ng estado na nakakubli sa pagpapataas diumano ng produksyon at produktibidad ng lupain ng mga magsasaka. Programa ito ng IMF-WB hindi lang sa Pilipinas kundi sa iba pang bansa sa Africa, Asia, Latin America.

Hanggang nitong Marso 2023, nasa 18,802 *e-titles* pa lamang ang naipamahagi na sumasaklaw sa 23,898 ektarya ng lupang agrikultural at naipamahagi ito sa 16,888 *agricultural reform beneficiaries* (ARB).

Sa TK, maraming CCLOA o Mother CLOA ang ipinamahagi sa Batangas kabilang ang Hacienda Looc, Hacienda Roxas, Hacienda Manzano-Rubio, Coral ni Lopez atbp. Inaasahang higit nitong pabibilisin ang rekonsentrasyon ng mga kalat-kalat na lupain sa mga PML at dayuhan sa pamamagitan ng pamimili ng CLOA sa mga magsasaka, pagsasangla ng CLOA atbp.



V. Paano ibabangon ang industriya ng palay at matitiyak ang pagkain ng sambayanang Pilipino?

Pinatutunayan ng kasalukuyang kalagayan ng mga magsasaka at ng industriya ng palay at bigas sa bansa ang patuloy na pagkabulok ng lipunang malakolonyal at malapyudal. Pinatunayan sa kasaysayan na hindi kailanman uunlad ang bansa at magkakaroon ng seguridad sa pagkain ang sambayanang Pilipino hanggang nakakubabaw ang imperyalismong US at lokal na naghaharing-uring MBK, malaking PML at burukratang kapitalista.

Malinaw na ipinakita ng mga datos na tumatagos sa lahat ng himaymay ng produksyong agrikultural ang magkasanib na pagsasamantala ng mga naghaharing-uri sa masang magsasaka. Walang nakikitang kalutasan ang masang magsasaka kundi ang tahakin ang pambansa-demokratikong rebolusyon (DRB) at isulong ang rebolusyong agraryo at pambansang industriyalisasyon na susi sa paglutas ng problema ng masang magsasaka sa kawalan ng lupa, maliitan, hiwa-hiwalay at atrasadong produksyon at ang pagkubabaw ng monopolyo imperyalistang globalisasyong neoliberal.

Sa proseso ng pagsusulong ng DRB maisasakatuparan ang rebolusyong agraryo sa pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka, Bagong Hukbong Bayan sa pamumuno ng PKP at ang pagtatatag ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan na magpapabagsak sa magkasanib ng kapangyarihan ng MBK, PML at burukratang kapitalista at ng amo nitong imperyalismong US.

Sa tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon, ang mga lupang agrikultural ay ipapamahagi sa mga wala at kulang ang lupa na mga mamamayang gustong magbungkal ng lupa. Ang mga lupa ng mga dayuhang korporasyon at despotikong PML ay kukumpiskahin. Ang malalaking plantasyon at mga korporadong sakahan ay ibibigay sa mga kooperatiba o asosasyong magsasaka at mga manggagawa sa agrikultura.

Kapag napasakamay na ng masang magsasaka ang lupa, dapat na ibunsod ang sama-sama at kolektibong pagsasaka na siyang lulutas sa maliitan, hiwa-hiwalay at atrasadong produksyon. Titiyakin ng demokratikong gubyernong bayan ang pagbibigay sa mga magsasaka ng libreng irigasyon, imprastraktura, pasilidad para sa produksyon at pagbebenta, subsidyo para sa mga binhi at kasangkapan sa produksyon, seguro sa pananim, pautang at teknikal na suporta sa pamamagitan ng itatayong mga

kooperatiba at asosasyong pangmagsasaka na nabiyayaan sa libreng pamamahagi ng lupa. Ang nakabubuhay na sahod ay matitiyak, kasabay ng mga benepisyo at karapatang mag-union ng mga manggagawa sa agrikultura. Ang karapatan ng mababa at panggitnang magsasaka na wala pa sa mga kooperatibang magsasaka ay kikilalanin.



Ang pagpapalit-gamit ng lupa, usura at ang pagtatayo ng mga pribadong tauhan sa saklaw ng reporma sa lupa ay ipagbabawal. Ang maramihang importasyon ng mga produktong agrikultural na makapipinsala sa hanapbuhay ng mga magsasaka ay hindi pahihintulutan kagaya ng nagaganap sa kasalukuyan sa industriya ng bigas, sibuyas, karne, asin at iba pa.

Para tiyakin ang seguridad sa pagkain liban sa pagpapangunahin sa butil (bigas, mais, at iba pa) bilang batayang produksyong agrikultural ay titiyakin din ang pagyabong ng industriyang rural, kasabay ang industriya sa niyog, asukal, karne, gatas, tabako, abaka, isda, pagpoproseso ng pagkain, asin, damong-dagat at marami pang iba. Ito ang magtitiyak sa balansyado at sapat na pagkain ng mamamayan.

Kaakibat ng rebolusyong agraryo ay ang pagtatayo ng industriyang Pilipino para malikha ang mga makinarya sa produksyon at mga karaniwang kasangkapan para sa pang-araw-araw na gamit ng mamamayan. Sa pagsulong ng industriya at manupaktura, maglilikha ito ng trabaho at pagtaas ng sahod. Ang siyensya at teknolohiya ay pauunlarin, at papaunlarin din nito ang buhay ng mamamayan. Ang pagsasaka ay magiging isang kaiga-igayang aktibidad ng mamamayan at hindi batbat ng kahirapan at sakripisyo tulad ng nararanasan ng masang magsasaka sa kasalukuyan.

Para harapin ang problema sa pagbabago ng klima, lulutasin ang dekada nang pagsira ng kapaligiran at sa likas na yaman ng bansa—lupa, gubat, hangin, katubigan, at komunidad. Kailangan ding maprotektahan ang hindi pa nasirang kalikasan. Ipatatupad ang sustenableng ekonomiya na nangangahulugan na hindi aabusuhin ang kapaligiran habang nililinang ang yamang likas ng bansa.

Kagyat sa kasalukuyan na ipanawagan at isulong ang lehitimong mga interes ng masang magsasaka. Dapat tutulan ang labis-labis na importasyon ng bigas at ibasura

ang RTL. Dapat ibasura ang mga anti-magsasaka at anti-mamamayang patakaran tulad ng Rice Tarrification Law, GATT-WTO Agreement on Agriculture, National Land Use Act, Mining Act of 1995 atbp. Dapat mabigyan ng ayuda at karampatang serbisyo ang mga magsasaka sa patuloy na pagtaas ng gastusin sa produksyon dahil sa pagtaas ng presyo ng abono, pestisidyo at petrolyo. Dapat itaas sa di bababa sa ₱30 ang presyo ng palay sa *farmgate* nang sa gayon ay matugunan ang batayang pangangailangan ng pamilya ng magsasaka.

Dapat ilantad at labanan ang mga hungkag na programa sa agrikultura ng ilehitimong pangulo at kalihim ng Department of Agriculture na si Marcos Jr. Ang kanyang ambisyosong mega-farms, pagpapalaganap ng matakaw sa abonong mga *hybrid seeds* at masama sa kalusugang *golden rice* at ang pagbaliktad sa limitadong inabot ng huwad na reporma sa lupa.

Dapat ilantad at labanan ang *land conversion* sa kapakinabangan ng mga burgesyang kumprador-debeloper tulad ng mga Villar, Ayala at iba pa. Dapat labanan ang lantarang pagpapalayas sa mga magsasaka sa kanilang mga lupang sinasaka.

Para maibsan ang kagutuman sa kanayunan, dapat organisahin ang mga magsasaka at ibunsod ang sama-samang paggawa, luyo-luyo at mga grupong tulungan hanggang sa pagtatayo ng mga kooperatiba para sa pagpapaunlad ng produksyon. Bigyang prayoridad ang pagpapalawak at pagpapaunlad ng mga taniman para sa pagkain tulad ng palayan. Dapat mapalawak at mapatatag ang mga samahang masa at ang hakbang-hakbang na pagtatayo ng organo ng kapangyarihang pampulitika para isulong ang rebolusyong agraryo na unti-unting magpapahina sa kapangyarihan ng mga PML at mga mangangamkam ng lupa ng mga magsasaka at katutubo.

Dapat ipanawagan at suportahan ang usapang pangkapayapaan para resolbahin ang ugat ng kahirapan at ng armadong tunggalian sa pamamagitan ng komprehensibong kasunduan sa repormang panlipunan at pang-ekonomya.

Dapat panagutin at pagbayarin ang estado sa pasistang pang-aatake sa mga magsasakang nakikibaka para sa kanilang lehitimong interes.



Dapat mabigyan ng hustisya ang lahat ng biktima ng masaker at ekstrahudisyal na pamamaslang.

Dapat masikhay na imulat, organisahin at pakilusin ang masang magsasaka na lilikha ng gahiganteng lakas ng mamamayan; pasampahin sa Hukbong Bayan ang kanilang mabubuting anak para isulong ang digmang magsasaka at mapagpasyang wakasan ang daang taong paghihirap ng masang magsasakang Pilipino.



Ang Palay at Bigas Bilang Kalakal: Marxistang Pag-aaral at Kritika sa Komersyal na Presyo ng Palay at Bigas

KRTK pahayag sa Ika-54 anibersaryo ng Partido

Ibon Foundation

Kalatas

Isyu ng Ang Bayan, Mayo 21, 2023

Comprehensive Agreement on Economic and Social Reforms

Philippine Statistics Authority

Wikipedia

News Articles: Inquirer, Manila Bulletin, Rappler atbp.